Department of Education
Region VII, Central Visayas
CITY SCHOOLS DIVISION- TAGBILARAN CITY
City of Tagbilaran

July 10,2019

Division Memorandum
No. 324 s, 2019

**DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL**

To : All Public Elementary and Secondary School Principals

1. Pursuant to Regional Memorandum No. 0359, s. 2019, the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) in partnership with the Department of Education (DepEd) will conduct **DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL** on August 2019 ( specific dates to be announced later).

2. In preparation for the regional level, the division will conduct the simultaneous competition of the six (6) components on July 25, 2019 at San Isidro High School.

3. For details, refer to the attached DepEd enclosures.

4. For guidance and compliance.

**NERI C. OJASTRO, Ed.D., CESE**
*Asst. Schools Division Superintendent*
*OIC- Office of the Schools Division Superintendent*

NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS
**Philippine Cultural Education Program**

# DIWANG: Sagisag Kultura Competition and Festival

## PROGRAM DESIGN

| | |
|---|---|
| **Project Title:** | Diwang: Sagisag Kultura Competition and Festival |
| In partnership with: | BKFI, DepEd |
| Implementation Date: | June – September 2019 |
| Board Resolution Number | 2019 -244 |
| DepEd Memo | 2019-038 |

**COMPONENTS:**

1. Awiting Bayan Kundiman Competition
2. Kwiz
3. Balagtasan Competition
4. Laro ng Lahi
5. Visual Arts Competition
6. Kampong Pambansang Alagad ng Sining

**ANG PROYEKTO:**

Ang DIWANG: SAGISAG KULTURA COMPETITION AND FESTIVAL ay isang *institutional flagship project* ng NCCA Sub-Commission on Cultural Dissemination – kasama nito ang Lupon ng Communication, Cultural Education, and Language and Translation. Laman ng proyektong ito ang mga programang magpapakilala, magpapahalaga at magpapalaganap ng mga imahen at sagisag kultura ng Filipinas upang maging laman ng kamulatan at diwa ng lahat ng Filipino na magiging hulmahan ng kaniyang identidad bilang lahi.

Ginanap ang 1st DIWANG noong 2013 sa 17-Rehiyon na may kategoryang RAP Contest para sa elementary, Kwiz para sa high school at Lesson Exemplar Contest para sa mga guro. Nagkaroon ito ng regional elimination at 3 sub-island cluster level at ang mga napili ay silang naglaban sa final round na ginanap sa Malolos, Bulacan. Ang 2nd DIWANG ay ginanap noong 2014, nilaman nito ang 5-kategorya: kwiz para sa elementary at high school, Lesson Exemplar para sa mga guro, Local SK Exhibition para sa mga Schools / HEI's partners, Sagisag Kulturang Filipino Award para sa media at LGUs, at pagkilala sa mga DepEd Regional Diwang Coordinators na may mahusay na naging paghahanda sa nakalipas na 2 taon. Ginanap sa 17-Rehiyon ang mga eliminasyon, at nagkaroon ng 5 –sub-island level na silang naglaban sa final round na ginanap sa Koronadal South Cotabato. Ang 3rd DIWANG ay paper and pen / simultaneous examination sa 3 sub island Luzon, Visayas at Mindanao na may 200 kalahok ang 17-regions ng DepEd at nilahukan ng mga estudyante mula sa private at public schools ng Grade 7 at 8. Ginanap ang Finale sa Bayview Park Hotel noong September 30, 2015 na dinaluhan ng 17- kalahok galling sa 17 rehiyon. Ang 4th DIWANG ay Kwiz para sa Grade 7-10, ang Children Song Writing and Performance na binubuo ng 3 mag-aaral mula sa Grade 7-10, at ang SK Dissemination Contest para sa mga Regional DepEd Offices. Ang 5th DIWANG ay binubuo ng Kwiz para sa

Grade 5-10, Paglikha at Pagtatanghal ng Musika, Dokyu Kultura, at Leksiyong Nakabatay sa Kultura.

Ang ika-6 na Diwang ay binigyan ng bagong bihis ng mga bagong miyembro ng TWG mula din sa Sub-Commission kasama ang iba pang piling eksperto sa Edukasyong Kultural sa pamamahala ng PCEP.

## TECHNICAL WORKING GROUP FOR DIWANG:

National Artist Virgilio Senadren Almario
Chairman, NCCA

Joseph J. Cristobal
PCEP Director

Orlando B. Magno, Ph.D.
Commissioner for Cultural Dissemination / Head
Head, National Committee on Cultural Education

Dr. Victor Emmanuel Nadera Jr.
Director IV, Philippine High School for the Arts

Jeffrey Borlongan
Sports Development Officer, Provincial Government of Bulacan

Salvador Ching
Visual Artist

NCCA-PCEP DepEd Regional Coordinators:
Marita Aquino, NCCA-DepEd Coordinator – NCR
Jeanie Claire Piggangay, NCCA-DepEd Coordinator – CAR
Jose Ritchie Perez, NCCA-DepEd Coordinator – Region 1
Denis Agbayani, NCCA-DepEd Coordinator – Region II
Engelbert Agunday, NCCA-DepEd Coordinator – Region III
Leo Cargullo, NCCA-DepEd Coordinator – Region IV-A
Annabelle Marmol, NCCA-DepEd Coordinator –Region IV-B
Francisco Bulalacao Jr. , NCCA-DepEd Coordinator – Region V
Mateo Bimbao Jr. , NCCA-DepEd Coordinator – Region VI
Lea Belleza, NCCA-DepEd Coordinator – Region VI
Juvelyn Otero, NCCA-DepEd Coordinator – Region VII
Nova P. Jorge, NCCA-DepEd Coordinator – Region VIII
Mario Shoji Romarate, NCCA-DepEd Coordinator – Region IX
Bienvenido Tagolimot Jr. , NCCA-DepEd Coordinator – Region X
Jeselyn Dela Cuesta, NCCA-DepEd Coordinator – Region XI
Gerardo Magno, NCCA-DepEd Coordinator – Region XII
Bernardo Libetario Jr. , NCCA-DepEd Coordinator – BARMM

**LAYUNIN NG PROYEKTO:**

1. Maipakilala sa maraming guro at mag-aaral ang sagisag kultura ng Filipinas sa pamamagitan ng paligsahan sa pagsusulit at pagtatanghal;
2. Maisangkot ang mas maraming bilang ng magaaral at mamamayan sa buong kapuluan sa isang pagsusulit tungkol sa sagisag kultura ng Filipinas at makabuo ng mga piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa mga napapanahong isyu ;
3. Makapag-organisa ng pambansang balagtasan;
4. Maipakilala ang ibat –ibang laro ng lahi sa mga mag-aaral;
5. Maisangkot ang mas maraming bilang ng mag-aaral sa paglikha ng mga awitin tungkol sa Sagisag Kultura ng Filipinas;
6. Makapagsagawa ng malawakang kwiz tungkol sa sagisag kultura; at
7. Magsagawa ng kumpetisyon sa sining biswal

**METODOLOHIYA:**

Ang Diwang: Sagisag Kultura Competition and Festival ay pambansang tagisan tungkol sa pagkilala sa mga Sagisag Kultura ng Filipino para sa mga mag-aaral sa Basic Education mula sa pampublikong paaralan sa labing-pitong (17) Rehiyon.

DIWANG Competition Komponents:

| KOMPONENT | KALAHOK | PREMYO SA FINALS |
|---|---|---|
| PAMBANSANG BALAGTASAN | DepEd HS Students<br>3 pax per group | 1st P15K<br>2nd P8K<br>3rd P4K<br>Consolation P2k |
| LARO NG LAHI | 1-HS-student only na kayang laruin ang mga sumusunod:<br>✓ Siyatong<br>✓ Trumpo<br>✓ Luksong Lubid<br>✓ Sipa<br>✓ Kadang Kadang | 1st P15K<br>2nd P8K<br>3rd P4K<br>Consolation P2k |
| AWITING BAYAN KUNDIMAN COMPETITION | DepEd Junior and Senior High Students<br>1 Students and 1 Coach | 1st P15K<br>2nd P8K<br>3rd P4K<br>Consolation P2k |
| KWIZ | Grade 4 – 10 public students | 1st P15K<br>2nd P8K<br>3rd P4K<br>Consolation P2k |
| VISUAL ARTS ON THE SPOT CONTEST | DepEd Junior and Senior High Students | 1st P15K<br>2nd P8K<br>3rd P4K<br>Consolation P2k |
| KAMPONG PAMBANSANG ALAGAD NG SINING | DepEd Students<br>Grade 4-10<br>Junior and Senior High | |

**SKEDYUL:**

| KAMPONG PAMBANSANG ALAGAD NG SINING | | |
|---|---|---|
| Luzon | August 2 - 4 | DepEd Silay |
| Visayas | August 9 -11 | DepEd CDO |
| Mindanao | August 23 - 25 | DepEd Pampanga |

| FINALS<br>Malolos Bulacan | |
|---|---|
| September 22 | 1. Balagtasan Competition<br>2. Awiting Bayan Kundiman Competition<br>3. Visual Arts on the Spot Contest |
| September 23 | 1. Laro ng Lahi<br>2. Kwiz<br>3. Awarding of All Winners |

**Pangkalahatang Tagubilin:**

Gampaning opisyal ng DepEd Regional COORDINATOR na nakatukoy sa DepEd Memo 2019-038 ang mga sumusunod:

i. Ipakilala, ipalaganap at isangkot ang lahat ng mag-aaral sa kanilang rehiyon sa gawaing ito ng Sagisag Kultura ng Filipinas

ii. Magsagawa ng sapat na komunikasyon o REGIONAL MEMO kaugnay ng DM#2019-038 sa mga nasasakop na mga Division para sa legalidad at aktibo nilang pakikilahok

iii. Magproposed sa Local DepEd Offices ng pondo para sa mga gastusin ng lalahok sa mga gawain nakalista (Rehiyonal at National)

iv. Lokal na gastos ng mga opisyal at mga kalahok na Division o Region ang pagpunta sa Regional Competition at Kampong Pambansang Alagad ng Sining (pamasahe, pagkain, tulugan, atbp)

v. Mag HOST ng Rehiyonal rounds para sa mga kategoryang AWITING BAYAN, BALAGTASAN, LARO NG LAHI, KWIZ, AT VISUAL ARTS;

vi. Ang Coordinator ay magsusumite ng opisyal na listahan ng lalahok sa Finals.

vii. Ang Coordinator ay kailangan magsumite ng documentation at narrative report tungkol sa dinaos na Regional level.

viii. Regular na makipag ugnayan sa PCEP.

ix. Dapat may isang (1) coach/teacher sa bawat kategoryang sasalihan, maging ito maan ay regional round o final round – responsibilidad nilang siguraduhin ang seguridad ng kalahok na estudyante, walang kinalaman ang PCEP sa kung ano mang pagpapabaya ng bata at ng coach/teacher.

x. Ang mga coordinators sa rehiyon ang mamamahala sa buong paligsahan para sa regional level.

xi. Ang mga magwawagi sa regional level ay kuwalipikadong pupunta sa FINAL ROUND na gaganapin sa MALOLOS BULACAN.

xii. RESPONSIBILIDAD NG PCEP:
   a. Mamahala at magdesisyon sa lahat ng aspekto ng programa
   b. Organisahin ang Workshop at Finals
   c. Kumuha ng mga hurado
   d. Magbigay ng mga sertipiko at premyo
   e. Sa FINAL ROUND ay sasagutin ang pamasahe, tulugan, at pagkain ng lahat ng OPISYAL na kalahok:

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Balagtasan | 3 bata + 1 Coach/Teacher |
| 2. | Laro ng Lahi | 1 bata + 1 Coach/Teacher |
| 3. | Kwiz | 1 bata + 1 Coach/Teacher |
| 4. | Awiting Bayan | 1 bata + 1 Coach/Teacher |
| 5. | Visual Arts | 1 bata + 1 Coach/Teacher |

**Mga Deskripsiyon ng Komponent:**

**KOMPONENT 1: BALAGTASAN**

Ang balagtasan ay isang anyo ng debate sa paraang patula. Ito ay isa sa mga pangunahing anyo ng panulaan na umusbong at lumaganap sa mga unang dekada ng siglo 20. Tampok dito ang dalawang mambabalagtas na kumakatawan sa magkabilang panig ng isang paksa, at ang isang tagapamagitan na tinatawag na Lakandiwa. Karaniwang pinagtatalunan ang mga pang-araw-araw na paksa hanggang sa mga usaping pambansa at pandaigdig.

Layunin ng paligsahang ito na:
a. Makatulong sa pagpapasigla ng isang anyo ng panitikang Pilipino;
b. Maipakilala sa mga estudyanteng Filipino ang isang pamanang pampanitikan;
c. Makabuo ng mga piyesa ng balagtasan na tumatalakay sa mga napapanahong isyu; at
d. Maitanghal ang mga piyesa ng balagtasan sa publiko.

A. Pagdaraos ng Rehiyonal na Balagtasan
1. Ang sangay ang mamamahala sa paligsahan sa Rehiyonal na Balagtasan
2. Ang rehiyon ang kukuha ng mga hurado para sa paligsahan
3. Ang rehiyon ang magkakaloob ng mga sertipiko sa mga kalahok at mananalo
4. Ang gastusin para sa transportasyon at akomodasyon ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong local
5. Ang mananalo sa Rehiyonal na Balagtasan ang lalahok sa Finals ng Balagtasan

**Patnubay sa Paglahok**
1. Bukas ang balagtasan sa lahat ng mga mag-aaral sa pampublikong hayskul (Grade 7-12)
2. Bawat pangkat ng kalahok ay may apat na kasapi: dalawang mambabalagtas, isang lakandiwa, isang tagapayo/tagapagsanay
3. Ang pangkat ang siyang inaasahang susulat ng kanilang orihinal na piyesa na tatalakay sa sumusunod na paksa:
   a. Makatarungan ba ang pasiya ng Korte Suprema tungkol sa wika at panitikang Filipino sa kolehiyo?
   b. Captain America vs Aliguyon: Sinong karapat dapat na bayani ngayon?

4. Bawat piyesa ay inaasahang sumusunod sa ganitong daloy:

1. Pagsisimula ng lakandiwa
2. Unang tindig ng mambabalagtas 1
3. Unang tugon ng mambabalagtas 2
4. Ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
5. Ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
6. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
7. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 2
8. Paglalagom ng mambabalagtas 1
9. Paglalagom ng mambabalagtas 2
10. Pagtatapos ng lakandiwa

5. Maaring lumihis nang kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng mga maiikling pagsingit ng lakandiwa at iba pang kugnay na dagdag na sangkap, subalit inaasahang susundin ang nabanggit na daloy.

   a. Bawat Pangkat ay mayroong 15 minuto para sa pagtatahanghal.
   b. Ang piyesa ay susulatin ayon sa mga kumbensyon ng tradisyonal na tula (may sukat at tugma).

**PAMANTAYAN**

| | | |
|---|---|---|
| **1. Piyesa** | | **= 50%** |
| | a. Paglinang sa paksa / husay ng katwiran | =30% |
| | b. Pagtatagpo ng katwiran | =20% |
| **2. Pagbigkas** | | =50% |
| | a. Linaw sa pagbigkas | =15% |
| | b. Pagsaulado ng Piyesa | =15% |
| | c. Tindig sa Entablado | =15% |
| | d. Kasuotan | =5% |

**KOMPONENT 2: AWITING BAYAN KUNDIMAN COMPETITION**

1. Bukas ang patimpalak sa lahat ng mga mag-aaral sa pampublikong hayskul (Grade 7-12)
2. Susundin sa paglikha ng musika ang klasikong anyo ng kundiman na may kumpas na 3/4 at may tunugang nagsisimula sa menor at lumilipat sa mayor hanggang sa pagtatapos. Gagamiting huwaran ang mga kundimang "Anak-Dalita," "Pakiusap," at "Madaling-araw" ni Francisco Santiago at ang "Nasaan Ka, Irog," "Kundiman ng Luha," at "Himutok" ni Nicanor Abelardo. Nakaareglo ang musika sa paraang puwedeng saliwan ng piyano o gitara.
3. Ang letra (lyrics) ay nasa wikang Filipino, may tugma ayon tradisyon ng pagtutugma sa Panulaang Filipino, at patungkol sa Sagisag Kultura ng Filipinas.
4. Ang lahat ng magwawagi sa regional level ay kailangan magpasa ng mp3 file ng demo ng kanta sa PCEP Secretariat, na sinaliwan ng piyano o gitara, pati na ang letra (liriks) ng kanta.
5. Ang lahat ng lahok ay dapat orihinal na likha ng mag-aaral at tagapagsanay.
6. Mananatiling hawak ng mga lumikha ng musika at tagapagletra ang karapatang-ari sa mga awit na napabilang sa finals at nagwagi. Gayunman, maaaring gamitin ng

NCCA at PCEP ang nasabing mga awit sa anumang pagkakataong kailangan nang hindi kailangang hingan ng permiso o bayaran ang mga naghahawak ng karapatang-ari.

**Pamantayang susundin sa ebalwasyon ng mga lahok ang mga sumusunod:**

| | |
|---|---|
| **Musika** (Estruktura, armonya, atbp.) | 30% |
| **Letra** (Linaw at husay ng pahayag, lalim ng diwa at timyas ng damdamin, atbp.) | 30% |
| **Pagkanta** (Pagkamadamdamin, husay ng pagbigkas ng letra, atbp.) | 30% |
| **Pangkalahatang Bisà o Datíng** | 10% |
| **Kabuuan** | 100% |

**KOMPONENT 3: LARO NG LAHI**

Nilalayon ng proyekto na itaguyod ang mga Sagisag Kultura ng bansa sa pamamagitan ng mga laro. Ang aktibidad na ito ay hihikayat din ang mga guro na ipagpatuloy ang diwa ng laro ng lahi sa kanilang mga estudyante. Ito ay magkakaloob din ng mga pisikal na aktibidad at magbibigay daan makipag-ughayan sa iba pang mga kalahok.

Isahan lamang ang lahat ng laro. Bawat rehiyon ay may isa lamang kinatawan upang laruin ang mga sumusunod:

MGA LARO

1. Siyatong
2. Trumpo
3. Luksong Lubid
4. Sipa
5. Kadang Kadang

MEKANISMO

1. May komite na mamamahala dito at ang lahat ng desisyon ng komite ay ituturing na pinal na desisyon;
2. Ang larong ito ay ipagkakaloob lamang sa mga lalaking nasa Grade 8-10;
3. Dapat siyang mag sumite ng sertipikasyon mula sa doctor na nasa maayos na kondisyon ang kanyang katawan at kaya niyang laruin ng mga nasabing laro;
4. Dapat lumahok sa lahat ng aktibidad na gagawin sa palaro ang lalahok – may mga inobasyong gagawin ang Lupon sa aktuwal na palaro kaya hindi naka depende ang rules at mechanics sa mga naka publish sa aklat o iba pa. Ang pinal na rules at mechanics ng laro ay ibibigay lamang sa aktuwal na palaro. Mayroon din itatalagang referee bukod sa may hurado;
5. Ang KAMPIYON ay idedeklara pagkatapos niyang masalihan ang lahat ng laro na nakalista; Siyatong, Trumpo, Luksong Lubid, Sipa, at Kadang Kadang.

**KOMPONENT 4: VISUAL ARTS**

**TEMA:** SAGISAG KULTURA: SA MATA NG KABATAANG FILIPINO

**Mga Kalahok:** Bukas sa lahat ng Grade 7-12. Pinapayagan lamamg ang isang kinatawan sa bawat rehiyon.

**Medium:** Acrylic sa Canvas

**On the Spot Painting**

1. Ang mga kalahok ay bibigyan ng walong (8) oras kabilang ang mga breaks (9:00am – 5:00pm) upang makumpleto ang pagpipinta. Ang likhang sining ay dapat gawin sa loob ng inilaan na oras.
2. Ang PCEP ay magbibigay ng canvas at mga pangunahing kulay ng acrylic (itim, puti, pula, asul, at dilaw) para lamang sa pangwakas na kumpetisyon. Ang mga kalahok ay puwedeng magdala ng kanilang sariling mga paintbrush, palette, easel stand, at iba pang mga materyales.
3. Ang likhang sining ay dapat bigyan ng pamagat at isang maikling paglalarawan.

**Pangkalahatang Mga Alituntunin**

1. Ang likhang sining ay dapat ORIHINAL na konsepto at isinagawa ng kalahok.
2. Ang mga likhang sining ng mga nanalo ay awtomatikong mapupunta at magiging ariarian at copyright ng NCCA-PCEP.
3. Ang mga major winners ay nagbibigay sa NCCA-PCEP ng awtoridad na gamitin ang likhang sining para sa publication, promotional, at iba na may wastong pagkilala sa pintor.
4. Ang NCCA-PCEP ay may karapatang bawiin ang anumang award at/o cash na papremyo kung ang kalahok ay lumabag sa anumang alituntunin at regulasyon ng kumpetisyon.
5. Sa pamamagitan ng pagsumite ng signed entry from, sumasangayon ang kalahok na sumunod sa mga patakaran at regulasyon ng paligsahan.

**KOMPONENT 5: KWIZ**

1. Para sa estudyante na nasa Grade 4 - 10 na maaaring lahukan ng mag-aaral sa pampublikong paaralan.
2. Paglulunsad ng regional contest na pamamahalaan ng mga Regional Coordinators upang piliin ang lalahok sa finals. Bawat rehiyon ay inaasahang may 1-Regional Kwiz representative kasama ang isang (1) Coach.

**KOMPONENT 6: KAMPONG PAMBANSANG ALAGAD NG SINING**

Tatlong araw na workshop sa panitikan, musika, sining, at sayaw. Bukas sa lahat ng mag-aaral mula Grade 4-12, guro, principal, at magulang sa pampubliko paaralan.